Overheard two managers conversing:



Just what are the components of labor cost? Where do wages and salaries of workers come in?

Sa sarili nating wika, ang salitang sahod, kinikita o suweldo ay halos magkakaparehas lamang ng kahulugan, ngunit sa wikang Ingles, may mga iba't-ibang salita na nauugnay sa suweldo. Sa Easystat na ito, minabuti naming gamitin ang ilang terminolohiyang Ingles upang mahimay at lalong maunawaan ang usapin tungkol sa ating sahod.

<u>Wages</u> ang kadalasang ginagamit sa pag-uusap ng suweldo sa wikang ingles. Sa kabuuan, tinutukoy ang wages na siyang presyo sa paggawa/pagtatrabaho; bilang suweldo sa empleyado o halaga ng paggawa ng may patrabaho.

Nalisasalarawan ang konsepto ng wages sa bal-baitang na kahon na ipinapakita sa ibaba:



1 Grants to credit unions; Food, educational, cultural, recreational/related facilities.
2 Work clothes/protective gear; Transport of workers; Recruitment cost.
3 Compulsory/non-obligatory contributions; Direct payments on social security benefits; Cost of medical care/health services; Retirement, Termination/Separation Pay.

Based on the ILO Integrated Wage Statistics System.

Ang mga kahon sa kaliwa ay naglalaman ng mga iba't-ibang kakulay na kahon sa kanan upang tumukoy sa isang aspeto ng Wages.

Ayon sa International Labour Office (ILO), ang organisasyong nagtatalaga ng mga pandaigdigang pamantayan sa paggawa at paghahanapbuhay, ang pang-estadistikang panukatan ng wages na iniangkop sa Pilipinas ay:

Wage Rate (Takdang Pasahod) – Ito ay binubuo ng basic wage, cost of living allowance (COLA) at iba pang garantisado at regular na binabayarang pataan.

Hindi kasama ang:

- kabayaran sa pagtrabaho ng higit sa oras ng paggawa *(overtime)*
- bonus at pabuya/bigay-pala *(gratuities)*
- pataan para sa pamilya/sustento sa pamilya
- iba't-ibang kontribusyon sa social security ng mga kompanya
- mga kabayaran maliban sa pera na binibigay bilang pasasalamat (ex-gratia payments), karagdagan sa karaniwang wage rate

Kinikita, kita *(Earnings)* – Saklaw nito ang mga kabayaran *(in cash or in kind)* sa mga empleyado, alinsunod sa mga kalakaran para sa oras na ipinagtrabaho, kasama ang kabayaran para sa oras na di na-trabaho, tulad ng mga taunang bakasyon at iba pang pista opisyal.

Di-kasama ang:

- kontribusyon ng mga kompanya sa social security at plano sa pensyon at mga benepisyong natatanggap ng mga empleyado saklaw ng mga planong nabatid
- bayad sa pagkakatiwalag (severance) at termination pay

Sa katiyakan, ang kita ay binubuo ng:

1. Direktang sahod o suweldo *(direct wages and salaries)* (kabayarang pera)

- kabayaran sa pangkaraniwang oras ng pagtrabaho
- komisyon ng mga empleyado at bahagi nila mula sa mga service charges
- higit sa tinalaga na kabayaran para sa higit sa regular na oras sa paggawa (overtime) at pag may holiday.
- higit sa tinalaga na kabayaran para sa halinhinang trabaho, pang-gabing trabaho at iba pa na di maituturing na overtime
- Incentive pay (production bonuses, etc.)
- Cost of living allowance (COLA) at iba pang garantisado at regular na binabayarang pataan

2. Gantimpala/kabayaran para sa oras na di-natrabaho (kabayarang pera)

- taunang bakasyon at iba pang binabayarang leave, kasama ang long service leave
- mga publikong bakasyon at iba pa na kinikilalang bakasyon
- iba pang pahinga/bakasyon na pinagkakalooban ng bayad

3. Mga bonus at mga pabuya (kabayarang pera)

- katapusan ng taon, kapanahunan at minsanang bonus (year-end, seasonal and other one-time bonuses, 13th/14th month pay and the like)
- bonus mula sa tinubo ng kumpanya (profit-sharing bonuses)
- karagdagang bayad kaugnay ng mga bakasyon, dagdag sa normal na bayad sa bakasyon at iba pa na bonus at gantimpala

FIG. 1 - Percent Distribution of Annual Labor Cost in Non-Agricultural Establishments Employing 20 and Over by Major Cost Component, Philippines: 2002



Source: BLES, 2002 Labor Cost Survey.

4. Bayad sa anyo ng bagay o kalakal (payments *in kind)*

- bayad sa anyo ng bagay o kalakal para sa pagkain at inumin
- bayad sa anyo ng kalakal para sa gasolina, atbp
- iba pang bayad na bagay/kalakal (sapatos, damit)

5. Halaga ng Pabahay ng Manggagawa na Sagot ng may Patrabaho

- halaga ng pabahay na pag-aari ng establisyemento
- halaga ng pabahay na hindi pag-aari ng establisyemento at ibang gastos sa pabahay (housing allowances, rents, subsidies, etc.)

Compensation – Kinabibilangan nito ang lahat ng bayad ng mga nagpapasahod sa kanilang mga empleyado, pera man o hindi, pati kontribusyon ng may patrabaho para sa kanilang mga empleyado tulad ng social security at pribadong pension, casualty insurance, life insurance at iba pang kahalintulad na plano.

Sa katiyakan, ang compensation ay binubuo ng mga sumusunod:

- kinita (earnings)
- kontribusyon ng kompanya/may patrabaho na ibinabayad sa social security at plano sa pension at benepisyong tinatanggap ng empleyadong saklaw nito
- halaga ng medical care at serbisyong pangkalusugan
- bayad sa pagkakatiwalag (severance) at termination pay
- halaga ng pabahay ng manggagawa na sagot ng may patrabaho

Halaga ng Paggawa *(Labor Cost)* – Napapaloob sa labor cost ang gantimpala/bayad/pabuya sa nagawang trabaho, bayad ayon sa oras na binabayaran ngunit di natrabaho, bonus at pabuya, halaga ng pagkain, inumin at iba pang bayad maliban sa pera, halaga ng pabahay ng empleyado na natanggap mula sa kumpanya, mga gastos sa social security ng kumpanya/may patrabaho, halaga ng pagsasanay ng mga empleyado, serbisyong pangkabutihan, at ibang gastos tulad ng transportasyon ng manggagawa, damit sa pagtatrabaho, at pagkalap ng ibang empleyado, kasama ang buwis ay ipinagpapalagay na kasama sa halaga ng paggawa.

Sa katiyakan, ang halaga ng paggawa ay binubuo ng:

- compensation
- halaga ng pagsasanay
- halaga ng serbisyong pangkabutihan (cost of welfare services)
- labor cost n.e.c., mga hindi na-uring halaga ng paggawa (tulad ng tranportasyon ng mga manggawa papunta at pabalik sa pinagtatrabahuhan, damit sa pagtatrabaho, pagkalap ng ibang empleyado atbp.)

Tab. 1 – Annual Labor Cost Per Employee in Non-Agricultural Establishments Employing 20 & Over by Major Cost Component, Philippines: 2002
(in pesos)

Component	Cost
Total	182,541
Direct Wages & Salaries	135,744
Remuneration for Time Not Worked	2,680
Bonuses & Gratuities	19,147
Payments in Kind	387
Cost of Workers Housing Shouldered by Employer	1,788
Employees Social Security Expenditures	17,317
Cost of Training	1,368
Cost of Welfare Services	1,496
Other Labor Cost	2,585

The ***Easy Stat*** is a BLES series of "What is...or How-to..." that focuses on basic concepts or measures used in labor and employment statistics. It aims to reach out to ordinary folks and workers by describing these concepts and measures in an illustrative manner and easy-to-understand language or to the extent possible, in Pilipino.

For further information, please contact:

THE DIRECTOR
Bureau of Labor and Employment Statistics
3/F Department of Labor and Employment Bldg.,
Gen. Luna St., Intramuros, Manila
1002 PHILIPPINES

Tel no: (632) 527-3000 loc 317 (Data Bank)

Fax no: (632) 527-5506

E-mail: bles_tsd@yahoo.com

Website:http://www.bles.dole.gov.ph

DECEMBER 2007

PAGKATAPOS BASAHIN, IPASA MO SA IBA.

EASY STAT

No. 3

AN EASY WAY TO UNDERSTAND STATISTICAL CONCEPTS AND MEASURES USED IN LABOR AND EMPLOYMENT

U$a₱ang $weldo, $ahod, kinikita atb₱.

ISO 9001:2000 Certified

Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT
Bureau of Labor and Employment Statistics